Pangalan: Ervil Noveda
Paksa ng Khutbah: “Ang Buhay ay Maiksi Lamang”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 19, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدَا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang lahat ng bagay dito sa Mundo ay may katapusan. Ang mga binili natin habang tumatagal ay naluluma at nasisira tulad ng mga bahay, sasakyan, at iba pang mga kagamitan. Noong ito'y mga bago pa lamang ay atin itong iniingatan upang hindi masira. Ngunit kahit gaano pa tayo kaingat ito'y nasisira rin. Gayundin ang ating buhay na kahit gaano pa tayo kaingat, darating ang araw ng ating katapusan. Kahit ikaw pa ang pinakamayaman at pinakamatalinong nilalang sa Mundo, ikaw ay katiyakang mamatay din, sapagkat ang lahat ng nilikha ay mayroong hangganan.

Sinabi ni Allah Subhanahu wa Ta'ala:

﴿ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلْمَوْتَ وَٱلْحَيَوٰةَ لِيَبْلُوَكُمْ أَيُّكُمْ أَحْسَنُ عَمَلًا ۚ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْغَفُورُ ﴾ الملك: 2

***“Siya na lumikha ng kamatayan at buhay upang kayo ay subukan kung sino sa inyo ang pinakamainam o pinakamabuti sa gawa - At Siya ang Ganap na Makapangyarihan, ang Mapagpatawad.”*** (Al-Mulk 67:2)

Marami na sa atin sa kasalukuyang panahon ang nahuhumaling sa mga makamundong gawain tulad ng pagpapaligsahan sa pagpaparami ng kayaman, pag-aasam sa mga bagong teknolohiyang kagamitan, at pagpapakasasa sa mga makamundong bagay. Ito ang mga dahilan kung bakit nalilihis ang isip natin sa tunay na layunin kung bakit tayo ay naririto sa Mundo. Ang buhay ay maikli lamang, kung kaya't dapat natin itong gamitin sa matalinong paraan. Hindi naman masamang yumaman sapagkat ito'y biyaya ni Allah (Subhanahu Wa Ta'ala), ngunit pakatandaan na ito ay pagsubok sa atin.

Maging matalino tayo sa paggamit nito sapagkat ito ay maaaring maghatid sa atin sa kabutihan o kapahamakan. Dadalhin tayo nito sa kabutihan kung tayo ay nagbibigay ng Zakah at Sadaqah mula rito, tumutulong tayo sa mga nangangailangan lalo na sa ating mga kapatid sa Islam na naghihikahos, at ginugugol natin ito sa pagpapatayo ng Madrasah o Masjid. Dadalhin naman tayo nito sa kapahamakan kung ito ay gagamitin lamang natin sa pagpapasikat, pagmamalaki, pag-aaksaya, at iba't ibang bisyo gaya ng sugal. Pinayuhan tayo ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam):

"كُنْ فِي الدُّنْيَا كَأَنَّكَ غَرِيبٌ، أَوْ عَابِرُ سَبِيلٍ." رواه البخاري

***"Gawin mo ang iyong sarili sa Mundo na parang isang estranghero o isang manlalakbay lamang."*** (Inulat ni Al-Bukhari)

Ang buhay natin dito sa Mundo ay parang isang estranghero lamang, kung kaya't mag-ipon tayo ng maraming baon na mabubuting gawa sapagkat ito lang ang madadala natin sa libingan. Lagi nating alalahanin na dapat tayo ay laging nakahanda sa lahat ng oras sapagkat ang kamatayan ay biglaan at walang pinipiling edad. At bukod-tanging si Allah lamang ang nakababatid ng mga nalalabing oras natin dito sa Mundo. Kaya't ating pag-ibayuhin na tayo ay laging gumagawa ng mga mabubuting gawain at itayo natin ang mga obligadong Salah sa mga takdang oras nito, sapagkat hindi natin alam kung alin sa limang obligadong Salah na ito ang maaaring huling Salah na ating maisasagawa.

Ating pagsumikapan mga kapatid, na tayo ay maging kalugod-lugod sa Paningin ni Allah. Hilingin natin lagi kay Allah na tayo ay Kanyang kunin habang nasa estado ng pagsamba sa Kanya, protektahan Niya tayo sa mga kaparusahan

sa libingan, igawad Niya sa atin ang Kanyang Habag at Kapatawaran, at ilayo tayo sa Apoy ng Impiyerno.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa Islam, tunay na ang buhay natin dito sa Mundo ay panandalian lamang. Nakikita natin na walang pinipili ang kamatayan; bata man o matanda, malakas man o mahina, at mayaman man o mahirap, anuman ang kanyang estado sa buhay, ang bawat isa ay mamamatay pagsapit ng takdang oras nito. Tunay na tayo ay magbabalik muli sa ating Panginoon. Siya ay nagsabi sa Qur-an:

﴿ كُلُّ نَفْسٍ ذَآئِقَةُ ٱلْمَوْتِ ﴾ آل عمران: 185

***“Ang lahat ng may buhay ay makakaranas ng kamatayan.”*** (Alo ‘Imran: 185)

Napakaraming tukso o Fitnah ang naglipana sa panahong ito. Nariyan ang mga social media gaya ng TikTok, Facebook, YouTube at mga Haram na Online tambayan gaya ng Online Sabong at Online Dating. Maging matalino tayo sa paggamit nito, sapagkat nariyan si Satanas na palaging nag-uudyok sa atin na gumawa ng masama upang tayo ay maligaw at mapahamak. Ipinangako niya kay Allah na ililigaw niya tayo habang nabubuhay kaya't palagi tayong gumawa ng mga gawaing kalugod-lugod kay Allah (Subhanahu Wa Ta’ala).

Mga kapatid, ito ay paalala sa ating mga sarili bilang mga alipin ni Allah na magkakapatid sa pananampalataya. Batid natin ang kaparusahan sa kabilang-buhay kaya't tayo ay magpaligsahan sa paghahanda rito. Ito ang pinakamainam sa atin na dapat nating pinagkakaabalahan bago pa man dumating ang araw ng ating paglisan sa Mundo. Tunay na ang buhay na ito ay maiksi lamang!

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ  يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***